

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 1 ng 10

## PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC. LABAN SA KATIWALIAN AT PANUNUHOL

PAKSA/TITULO:

Paunawa: Ang impormasyong nakapaloob dito ay pagmamay-ari ng Kennametal Inc. at/o ng isang sangay ng Kennametal Inc., at maaaring maglaman ng impormasyon sa pagmamay-ari o lihim pangkalakal at mga karapatan sa intelektwal na pag-aari. Naisumite ito sa iyo nang may pagtitiwala na gagamitin sa loob ng Kennametal para sa isang partikular na layunin at maaari lang itong gamitin para sa layuning ito. Ang pagkopya, pamamahagi at paggamit ng pamamaraang ito, sa kabuuan nito o bahagi lang nito, pati na rin ang pagpapasa ng anuman sa mga nilalaman nito sa sinumang hindi pinahihintulatang indibidwal ay ipinagbabawal. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Ang pahinang ito ay isang talaan ng lahat ng rebisyon sa Pamamaraan o Tagubilin sa Paggawa.

Para sa kaginhawahan, ang katangian ng rebisyon ay binigyan ng maikling paglalarawan sa ilalim ng mga pahayag. Pakisuri ang nakalakup na pamamaraan upang matiyak ang lubos na pagkakaunawa sa lahat ng pagbabago, pagdaragdag, o pagbabawas. Maliban kung may ibang isinaad, dapat ipatupad ang rebisyong ito sa sandaling matanggap ito.

REB	NI	PAHINA	MGA PAHAYAG
00	DWG	1-10	Orihinal na Paglabas.
01	PJW	1-11	Rebisyon

  

REB	IPINALABAS NI	INAPRUBAHAN NI	PETSA NG PAG-APRUBA
00	Roxanne Turner	David W. Greenfield	08/01/2007
01	Paul J. Ward	Kevin G. Nowe	11/01/2013

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 2 ng 10

PAKSA/TITULO:

## PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC. LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL

### PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL

#### I. SAKLAW

Itinatag ng Pandaigdigang Pamamaraan Laban sa Katiwalian at Panunuhol (ang "Pamamaraan") ang mga alituntunin at inaasahan para sa lahat ng direktor, opisyal, at empleyado ng Kennametal Inc., ng mga sangay nito at kaakibat na kumpanya (ang "Kumpanya" o "Kennametal") at ng mga ahente, sales representative, consultant, distributor, contractor nito at ng lahat ng third party na kumakatawan sa Kennametal sa buong mundo, nang walang mga pagbubukod (ang "Mga Third Party").

#### II. PANIMULA

##### A. Katapatan sa Pagsunod at Pananagutan ng Mga Empleyado.

Kasanayan ng Kumpanya ang sumunod sa lahat ng batas, patakaran at regulasyon ng lahat ng bansa kung saan ito nagpapatakbo. Sariling pananagutan ng lahat ng direktor, opisyal, empleyado at Mga Third Party na sanayin ang kanilang mga sarili sa mga legal na pamantayan, paghihigpit at pananagutan na naaangkop sa kanila at iayon dito ang kanilang mga pagkilos. Hindi gagamit ang Kennametal, ang mga opisyal, direktor, at empleyado nito maging ang Mga Third Party nito ng mga panunuhol, hindi wastong pagbabayad, o pang-akit ng anumang uri upang makakuha o makapagpanatili ng negosyo, o upang magtamo ng hindi patas na kalamangan sa negosyo.

Inaatasan ang bawat direktor, opisyal, at empleyado ng Kennametal at ang lahat ng Third Party na basahin, unawain, at sundin ang Pamamaraang ito at makipag-ugnayan sa Office of the General Counsel nang napapanahon upang malutas ang anumang mga tanong o alalahanin tungkol sa isang iminumungkahing pagkilos **bago magpatuloy sa anumang kaduda-dudang transaksyon.**

##### B. Mga Pandaigdigang Batas Laban sa Katiwalian/Pagtuon sa FCPA.

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 3 ng 10

## **PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC. LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL**

PAKSA/TITULO:

Ayon sa mga pandaigdigang batas laban sa katiwalian, labag sa batas ang anumang anyo ng panunuhol. Ang mga batas ng ilang bansa ay nakatuon lang sa panunuhol ng mga opisyal ng pamahalaan (kung minsan ay tinatawag na “mga dayuhang opisyal” o “mga pampublikong opisyal”), habang ipinagbabawal ng ibang mga batas ang panunuhol ng opisyal ng pamahalaan at ang komersyal na panunuhol (ibig sabihin, ang panunuhol ng mga “pribadong opisyal” sa mga samahang hindi pampamahalaan). Hinihingi rin ng mga pandaigdigang batas laban sa katiwalian sa mga kumpanya na magpanatili ng mga talaan, record, at account na may makatwirang detalye, na tumpak at patas na nagpapakita ng kanilang mga transaksyon sa loob at labas ng bansa.

Bilang isang kumpanyang matatagpuan sa Estados Unidos (“U.S.”) na may mga pagpapatakbo ng negosyo sa United Kingdom (“UK”), kabilang sa Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo ng Kumpanya ang pagtuon sa pagsunod sa mga pamantayan ng asal na nakatakda sa U.S. Foreign Corrupt Practices Act of 1977 (ang “FCPA”), sa UK Bribery Act of 2010 (“UK Bribery Act”) at kaugnay na batas, pati na rin sa mga batas laban sa katiwalian, batas sa pera at iba pa sa lahat ng bansa kung saan nagpapatakbo ang Kumpanya (kapag sama-sama, ang “Mga Pandaigdigang Batas Laban sa Katiwalian”). Pangunahing nakatuon ang Pamamaraang ito sa mga kinakailangan ng FCPA at nagbibigay lang ito ng mga pangkalahatang pagtukoy sa mga batas laban sa katiwalian sa ibang bansa kung saan nagpapatakbo ang Kennametal at kung saan naninirahan at nagtatrabaho ang mga empleyado, opisyal, direktor at Mga Third Party. Bagama’t napapailalim din ang lahat ng indibidwal sa mga pagbabawal na binabanggit sa mga batas laban sa katiwalian sa mga indibidwal na bansa kung saan sila naninirahan at nagtatrabaho, maaaring hindi naaangkop ang mga batas na ito sa buong mundo sa lahat ng empleyado tulad ng FCPA at UK Bribery Act.

Ang kahalagahan ng pagsunod sa Mga Batas Laban sa Katiwalian ay binibigyang-diin sa mga bansang iyon kung saan mataas ang peligro ng pagkakaroon ng panunuhol at katiwalian. Kabilang sa listahang iyon ng mga bansa ang mga lugar kung saan (i) madalas na nakikibahagi ang mga opisyal ng pamahalaan at pribadong sektor sa mga komersyal at pinansyal na gawain, (ii) pangkaraniwan ang katiwalian at mga kaugnay na problema, at (iii) umuunlad ang mga legal na pamantayan at patakaran sa pagpapatupad, ngunit madalas ay hindi malinaw at pabagu-bago ang paglalapat ng mga ito. Sa mga ganitong pagkakataon, mahalaga ang karagdagang pag-iingat upang matiyak ang pagsunod sa Mga Batas Laban sa Katiwalian.

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 4 ng 10

## PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC.

PAKSA/TITULO:

### LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL

#### III. MGA PAGHIHIGPIT SA KABAYARAN AT MGA PAGPAPAUNLAK SA NEGOSYO

##### A. Pangkalahatang Pagbabawal sa Mga Pagsusumikap na Maimpluwensiyahan ang Mga Pagpapasya sa Negosyo.

1. Mga Kabayaran o "Anumang May Halaga": Maliban kung may ibang isinaad sa Pamamaraan, **walang mga alok, kabayaran, pangakong magbayad o pagpapahintulot na magbigay ng anumang pera, magbigay ng anumang regalo o magbigay ng anumang may halaga ang maaaring gawin ng o sa ngalan ng Kumpanya sa** sinumang empleyado, ahente, kinatawan o opisyal ng anumang samahan, pribadong kumpanya man, kumpanyang pagmamay-ari ng pamahalaan (o kahit na bahagyang pag-aari), pulitikal na partido o anumang iba pang entity, samahan o indibidwal. Bagama't malawakang ipinagbabawal ng Pamamaraang ito ang pagbibigay ng anumang may halaga sa mga kinatawan ng mga pribado at pampamahalaang samahan upang maimpluwensiyahan ang isang pagpapasya sa negosyo, sinisiyasat nang mas mabuti ng FCPA at ng mga batas ng marami pang ibang bansa ang mga kabayaran o pagsusumikap na magbigay ng anumang may halaga sa mga opisyal ng pamahalaan.

Ang mga sumusunod na pagkilos ay ipinagbabawal kapag nakikipagtransaksyon sa mga opisyal ng mga pribadong kumpanya at pampamahalaang entity:

- (i) Pag-impluwensiya sa anumang pagkilos o pagpapasya ng isang tao o partido sa kanyang opisyal na kakayanan;
- (ii) Paghikayat sa isang tao o partido na gawin o huwag gawin ang anumang pagkilos na lumalabag sa tungkulin ng tao o partidong iyon ayon sa batas; o
- (iii) Paghikayat sa isang tao o partido na gamitan ng impluwensiya ang isang dayuhang pamahalaan o samahan upang maapektuhan o maimpluwensiyahan ang anumang pagkilos o pagpapasya ng pamahalaan o samahang iyon.

Ang "opisyal ng pamahalaan" ay isang opisyal o empleyado ng isang dayuhang pamahalaan (pamahalaan sa labas ng U.S.) o ng anumang kagawaran o ahensya nito, o ng isang pampublikong internasyonal na samahan, o sinumang tao na gumaganap sa

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 5 ng 10

## PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC. LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL

PAKSA/TITULO:

opisyal na kakayahan para sa o sa ngalan ng anuman sa mga ito. Halimbawa, ang isang empleyado ng isang enterprise na pagmamay-ari ng estado o pampublikong sektor ay maaaring isang “opisyal ng pamahalaan” para sa mga layunin ng Mga Batas Laban sa Katiwalian.

2. Kinakailangang Antas ng Kaalaman para sa isang Paglabag: Hindi kinakailangan ang aktwal na kaalaman tungkol sa isang paglabag upang malabag ang Mga Batas Laban sa Katiwalian. Kung alam o may dahilan upang malaman ng isang indibidwal na may pagkilos na labag sa batas na malamang na mangyari, maaaring may isa o higit pang mga paglabag sa Mga Batas Laban sa Katiwalian. Ang sadyang pag-iwas sa kaalaman, kusang pagbubulag-bulagan, o nababatid na pagwawalang-bahala sa ganitong kaalaman ay maaaring magresulta sa pagturing sa Kumpanya at indibidwal na may kaalaman sa transaksyong labag sa batas.

### B. Mga Kabayaran sa Pangangasiwa.

Ang “kabayaran sa pangangasiwa” (**kilala rin bilang “grease payment”**) ay isang maliit na kabayaran sa isang opisyal o clerk ng pamahalaan, na karaniwang ibinibigay para sa pagpapabilis o pagtiyak sa paggawa ng isang karaniwan at hindi pinagpapasyahang gawain ng pamahalaan. Labag sa batas ang mga kabayaran sa pangangasiwa sa ilalim ng ilang batas laban sa katiwalian, at **samakatuwid ay ipinagbabawal ng Kennametal ang lahat ng kabayaran sa pangangasiwa, maliban sa ilang limitadong pagkakataon na nakalista sa dokumentong ito.** Kabilang sa ilang halimbawa kung saan ang mga kabayaran sa pangangasiwa ay karaniwan upang mapabilis ang isang gawain ngunit ipinagbabawal ang: (i) pagkuha ng mga pahintulot o travel visa; (ii) pagpapakabit ng kuryente o telepono; at (iii) pagkuha ng proteksyon ng pulis.

Ang natatanging **pagbubukod** sa pagbabawal ng mga kabayaran sa pangangasiwa ay kapag nagkaroon ng personal na emergency, kung saan may napipintong banta sa kasulugan, kaligtasan o seguridad ng isang empleyado o iba pang kinatawan ng Kumpanya o sa kanilang mga kapamilya. Sa ganitong pagkakataon, dapat iulat sa lalong madaling panahon ang pagbabayad at ang dahilan nito sa supervisor ng empleyado o sa supervisor ng kinatawan ng Kumpanya at sa Office of the General Counsel. Sa ilalim ng mga probisyon sa accounting ng FCPA, dapat maitala nang maayos ang kabayaran sa pangangasiwa sa mga talaan at record ng Kumpanya upang matiyak ang pagsunod sa batas.

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 6 ng 10

PAKSA/TITULO: **PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC.  
LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL**

C. Mga Regalo at Hospitality.

Hindi inirerekomenda ng Kennametal ang pagbibigay ng mga regalo at hospitality, tulad ng pagbabayad sa mga gastusin sa hotel, transportasyon, pagkain at libangan ("Hospitality"), sa mga opisyal ng pamahalaan at pribadong kumpanya. Gayunpaman, sa mga limatadong pagkakataon, maaaring maglaan ng partikular na Hospitality at maliliit na regalo. Ang lahat ng ganitong Hospitality at maliliit na regalo ay dapat:

- Direktang nauugnay sa negosyo ng Kumpanya;
- Makatwiran ang halaga at ibinigay nang walang masamang hangarin;
- Inialok lang kaugnay ng pagpo-promote, pagpapakita o pagpapaliwanag ng mga produkto o serbisyo ng Kumpanya o ng pagpapatupad o pagsasagawa ng isang kontrata sa isang dayuhang pamahalaan o ahensya nito;
- Pinapahintulutan sa ilalim ng lokal na batas ng naaangkop na bansa; at
- Madalang at maingat na sinusubaybayan dahil maaaring magmukhang hindi wastong asal ang naipong epekto ng madalas na Hospitality at pagbibigay ng maliliit na regalo.

Dapat sumunod ang Hospitality at maliliit na regalo sa mga sumusunod na karagdagang alituntunin:

- Sa sitwasyon ng mga pagbisita o katulad na mga gawain ng mga opisyal o empleyado, dapat maghanda at magpadala ng mga nakasulat na imbitasyon at itineraryo sa mga opisyal ng pamahalaan upang bigyang-daan sila na sumangguni at humingi ng pag-apruba sa mga nakatataas sa kanila at upang mabigyan sila ng pagpipiliang tumanggi;
- Ang halaga ang mga inumin, pagkain at remembrance ay makatwiran dapat at naaayon sa mga tuntunin ng Pamamaraang ito;
- Makatwiran dapat ang halaga ng mga pananghalian at hapunan at ang mga pagkain at libangan ay makatwiran dapat at naaayon sa mga lokal na kasanayan sa negosyo at maayos na naitala bilang pagsunod sa pamamaraan ng pag-uulat ng paggastos/reimbursement ng Kennametal; at
- Ang mga regalang may logo ng Kumpanya o iba pang mga item ay maliit dapat ang perang halaga at ipanapamahagi para sa pagpo-promote o paggunita.

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 7 ng 10

PAKSA/TITULO: **PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC.  
LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL**

**Hindi pinahihintulutan sa anumang pagkakataon ang mga regalong pera o anumang uri ng kabayaran.**

Bilang panghuli, dapat makakuha ng mga wastong pag-apruba sa loob ng Kumpanya bago magkaroon ng mga ganitong paggastos at dapat sundin ang mga pamamaraan sa panloob na pag-uulat at pagpapanatili ng dokumento. **Mahalagang tandaan na walang minimum na halaga na gumagawa ng pagbubukod sa ilalim ng mga batas na ito, na nangangahulugan na ang paggastos ng kahit na maliit na perang halaga ay maaaring lumabag sa Mga Batas Laban sa Katiwalian.**

#### **IV. MGA PROBISYON SA ACCOUNTING**

Ang lahat ng bank account at record ng Kennametal ay dapat mapanatili nang may makatwirang detalye upang tumpak at patas na maipakita ang mga transaksyon sa loob at labas ng bansa. Walang pondo o account na hindi nakasiwalat o nakatala ang maaaring buuin para sa anumang layunin. Kabilang sa mga halimbawa ng mga isyu sa pagtatala na maaaring humantong sa paglabag sa Mga Pandaigdigang Batas Laban sa Katiwalian:

- Mga record kung saan hindi nakatala ang mga hindi wastong transaksyon (hal, mga off-the-book na transaksyon); at
- Mga record na pineke upang itago ang ilang aspeto ng mga hindi wastong transaksyon.

Dapat magpanatili ng isang sistema ng mga kontrol sa accounting na nagbibigay ng makatwirang kasiguruhan na:

- Ang mga transaksyon ay isinasagawa ayon sa pagpapahintulot ng pamunuan;
- Ang mga transaksyon ay itinatala upang magbigay-daan sa paghahanda ng mga tumpak na financial statement at upang makapagpanatili ng pananagutan para sa mga asset;
- Ang access sa mga asset ay pinapayagan lang alinsunod sa pagpapahintulot ng pamunuan: at
- Nagsasagawa ng mga wastong gawain sa pag-audit.

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 8 ng 10

PAKSA/TITULO: **PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC.  
LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL**

## V. MGA TRANSAKSYON SA MGA THIRD PARTY

Sa ilang partikular na pagkakataon, maaaring managot ang Kennametal at ang mga direktor, opisyal at empleyado nito para sa mga pagkilos ng Mga Third Party na magbibigay ng anumang may halaga upang maimpluwensiyahan sa hindi wastong paraan ang isang pagpapasya habang kumikilos sa ngalan nito o bilang bahagi ng pagkatawan nito sa Kumpanya o sa mga produkto o serbisyo nito.

Dahil dito, mahalagang magsagawa ng angkop na pananaliksik tungkol sa ganitong Mga Third Party bago makipag-ugnayan at habang nakikipagtulungan. Hindi dapat ipagwalang-bahala o hindi pansinin ng Kennametal ang mga katotohanang nagpapahiwatig ng posibilidad na ang isang Third Party ay hindi wastong nagbibigay ng anumang may halaga o kumilos sa hindi wastong paraan sa ngalan ng Kumpanya. Upang mabawasan ang panganib na ito, dapat magsaalang-alang ng matitinding pamantayan sa pagsusuri bago makipagtulungan sa sinumang Third Party.

Kinakailangan sa proseso ng pananaliksik ng Kennametal na matugunan ng lahat ng Third Party ang mga sumusunod na pamantayan at ang opisyal ng Kumpanya na may pananagutan sa pagpili sa Third Party ay dapat magpanatili ng sapat na dokumentasyon upang maipakita ang pagsunod sa proseso:

- (i) Marangal - kinakailangang karanasan at kahusayan;
- (ii) Mapagkakatiwalaan - kumuha ng mga sanggunian sa negosyo;
- (iii) May sapat na pananalapi - may sapat na mapagkukunan upang magampanan ang mga tungkulin;
- (iv) May paninindigang sumunod sa batas - sang-ayon ang Third Party na sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at huwag magbigay ng mga hindi wastong kabayaran; at
- (v) Pagkilala - Magsagawa ng pagkilala at pagsang-ayong sumunod sa Pamamaraang ito.

Ang anumang ibabayad sa isang Third Party ay naaayon dapat sa dami ng trabahong ginawa at hindi dapat makapag-udyok sa isang Third Party na gumawa ng mga hindi wastong pagkilos o hindi dapat magmukhang may naganap na mga hindi

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.



# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 9 ng 10

PAKSA/TITULO: **PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC.  
LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL**

wastong pagkilos. Dapat suriin nang mabuti ang mga pagbabayad o pagbibigay ng anumang may halaga alinsunod sa mga alituntunin sa itaas bago ibigay ang mga ito at dapat iulat sa Office of the General Counsel ng Kennametal kung may matuklasang anumang hindi kanais-nais na impormasyon o "red flag".

Bukod pa rito, dapat maglaan ng mga naaangkop at makatwirang pagsusumikap upang maipalam sa Mga Third Party ng Kennametal ang mga kinakailangan sa pagsunod sa ilalim ng Pamamaraang ito, pati na rin ang mga kinakailangan sa pagpapanatili ng mga talaan. Ang obligasyong tiyakin ang pagsunod sa bahaging ito ay obligasyon ng opisyal ng Kumpanya na may pananagutan sa pagpili sa Third Party at pamamahala sa pagsososyo..

## VI. MGA OBLIGASYON SA PAG-UULAT

A. Mga Empleyado: Dapat iulat kaagad ng mga empleyado sa Office of the General Counsel ng Kennametal ang anumang mga pinaghihinalaan o aktwal na paglabag (batay man sa personal na kaalaman o hindi) sa naaangkop na batas o regulasyon. Sa sandaling nakapag-ulat na ang isang empleyado, may obligasyon din ang empleyado na i-update ang ulat kapag nagkaroon siya ng bagong impormasyon. Ang pag-uulat ng ganitong impormasyon ay hindi kailanman dapat maging batayan ng paghihiganti sa empleyadong nag-ulat kung kumilos ang empleyado nang walang masamang hangarin.

B. Mga Third Party: Inaasahan na iulat ng lahat ng Third Party sa kanilang contact sa negosyo sa Kennametal o sa Office of the General Counsel ng Kennametal ang anumang mga pinaghihinalaan o aktwal na paglabag (batay man sa personal na kaalaman o hindi).

C. Office of the General Counsel ng Kennametal: Para sa mga layunin ng pag-uulat, maaaring makipag-ugnayan sa Office of the General Counsel ng Kennametal sa:

Office of the General Counsel  
1600 Technology Way  
Latrobe, PA U.S.A. 15650-0231  
Telepono: (724) 539-4031; Fax: (724) 539-3839  
E-mail: K-corp.ethics@kennametal.com

Maaari ka ring tumawag sa toll-free HELPLINE (1-877-781-7319), na pinamamahalaan ng Office of Ethics & Compliance ng Kennametal at magagamit sa paraang hindi makikilala at kumpidensyal.

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.

# PAMANTAYANG PAMAMARAAN

PAMAMARAAN BLG.: KMT-US-OGC-0004

REBISYON: 02 PAHINA: 10 ng 10

## PANDAIGDIGANG PAMAMARAAN NG KENNAMETAL INC. LABAN SA KATI WALIAN AT PANUNUHOL

PAKSA/TITULO:

### VII. MGA PARUSA

Maaaring mapatawan ng mabibigat na parusa ang Kumpanya at mga indibidwal dahil sa mga paglabag sa Mga Batas Laban sa Katiwalian. Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga posibleng parusa sa ilalim ng FCPA at UK Bribery Act:

#### FCPA

##### Mga Kumpanya

- Mga multang hanggang US\$2 milyon sa bawat paglabag
- Pagbabawal na lumahok sa mga kontrata ng pamahalaan
- Pagkawala ng mga pribilehiyo sa pag-export
- Pagtatalaga ng independent na bantay sa pagsunod
- Mga Probisyon sa Accounting – Mga multang hanggang US\$2.5 milyon bawat paglabag

##### Mga Indibidwal

- Mga multang hanggang US\$100,000 bawat paglabag
- Pagkabilanggo nang hanggang sa 5 taon bawat paglabag
- Mga Probisyon sa Accounting – Mga multang hanggang US\$10 milyon at 10 taong pagkabilanggo

#### UK Bribery Act

##### Mga Kumpanya

- Mga walang limitasyong parusang pinansyal
- Pagbabawal na lumahok sa mga pampublikong kontrata
- Mga paglilitis sa pagkakakumpiska ng mga asset

##### Mga Indibidwal

- Mga walang limitasyong parusang pinansyal
- Pagkabilanggo nang hanggang 10 taon

### VIII. MGA SANGGUNIAN NG KENNAMETAL

- Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo
- Pandaigdigang Pamamaraan ng Pamamahala sa Mga Talaan
- Pamamaraan ng Hindi Paghihiganti at Obligasyon sa Pag-uulat
- Gabay sa Pagsasalungatan ng Interes
- Gabay sa Mga Regalo at Pagpapaunlak sa Negosyo
- Pamamaraan ng Pagpapahintulot sa Paggastos

Ang electronic na bersyon ng Pamamaraang ito ay isang kontroladong dokumento.  
Ang anumang mga naka-print na kopya ng dokumentong ito ay SANGGUNIAN LANG.